

Inuyama Multilingual News

Publishing•Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala : 2023.3.31
Bersiyong Tagalog (No. 6)

Maging aktibo sa komunidad sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga banyagang mag-aaral sa paaralan!



Ms. Gisele Cristina Prata
Yoshida
Nasyonalidad: Brazil
Status Residence: Permanent Visa
Kailan Dumating: Taong 1995
Trabaho: Sumusuporta sa pagtuturo
sa mga estudyante ng Paaralan ng
Nishi Junior high school



Kasalukuyan trabaho : Sumusuporta at gumagabay sa mga estudyanteng Brazilian sa paaralan ng Minokamo Nishi Junior High School sa loob ng 4 na taon.

Sumusuporta sa loob ng Classroom : Pumapasok sa classroom upang magbigay suporta sa mga estudyanteng hindi pa gaanong nakakaunawa ng Nihongo. Isinasalin sa wikang Portuges ang sinasabi ng guro sa oras ng leksiyon. Nagbibigay rin ng suporta sa mga estudyanteng hindi nakakasunod sa leksiyon. Itinuturo rin niya ang wastong pagkakasunod-sunod ng strokes ng kanji na alam niya at madaling arithmetic.

Ano pa ang ibang ginagawa? : Nagbibigay rin ng payo hinggil sa pagsuporta sa mga batang banyaga. Interpreter rin tuwing may pagpupulong ang guro, magulang at bata kung mahirap para sa mga ito ang makipag-usap sa wikang Nihongo.

Ano ang mahirap sa kanyang trabaho : Hindi siya nakapag-aral sa bansang Japan. Nahirapan siya sa interpretasyon ng paliwanag na sinasabi ng guro hinggil sa aralin dahil hindi niya alam ang mga ito. Halimbawa nito ay ang pangalan ng mga tao sa asignatura ng History ng bansang Japan. Siya ay nag-aaral rin kasabay ng mga mag-aaral.

Ano ang pinagsikapan niyang gawin : Gumamit siya ng notebook, isinulat niya rito ang mga ipinaliwanag ng guro, ang mga hindi niya maisalin sa wikang Portuges sa oras ng leksiyon ay sinisiyasat niya sa kanyang bakanteng oras at ipinapaliwanag sa mag-aaral kinabukasan. Sa paraang ito, hindi lamang ang mga mag-aaral kundi maging siya ay natututo rin.

Mga nais niyang sabihin sa mga estudyante : Kaniyang sinasabi sa mga mag-aaral, maging masikap at tiyak na magiging maliwanag ang hinaharap. Dahil na rin sa mahirap ang wikang Nihongo at mahirap ang magkaroon ng kaibigan sa paaralan, mas magsumikap na matuto ng wika upang magkaroon ng kaibigan, tiyak na darami ang magagawa at mas masisiyahan. Nais niyang maging masaya ang buhay-eskuwela ng mga mag-aaral.

Mabuting mga bagay sa trabaho : Sa pakikihalubilo sa mga mag-aaral ay natututo rin siya. “Gusto ko ang makihalubilo sa ibang tao, maging kapaki-pakinabang para sa iba at sila ay masiyahan sa aking ginagawa ay isang nakatutuwang bagay.” Mabuti na lamang at nag-aral ako ng Nihongo.

Anong mga bagay ang nagbigay inspirasyon sa kanya : Lubos akong nagpapasalamat sa mga hapones na nagsumikap akong kausapin at nagbigay atensiyon noong kararating ko pa lamang sa bansa. Ito ang dahilan kung bakit narito ako ngayon at umaapaw ang interes sa wikang Nihongo. Noong mga oras na ako ay nahahirapan, nakabangon akong muli dahil sa ako ay biniyayaan ng mabubuting tao. Kung hindi dahil sa kanila ay baka bumalik na ako sa bansa kong Brazil.

Isang site ng impormasyon na kapaki –pakinabang para sa pagpapalaki ng mga bata.

1. (Multicultural Health Care Services Research Association (RASC)/ Taong 2020) 「Serye ng suporta para sa Ina at Sanggol」

◆Mga wikang sumusuporta : Portuges, Ingles, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Nepal, Bahasa Indonesia, Thai, Hangle, French, Aleman, Ruso

<https://www.rasc.jp/momandbaby/>



2. Video 「Serye ng Pagpapalaki ng Bata ng Bansang Japan para sa mga Banyagang Magulang」 Kanagawa International Foundation Taong 2017.

◆Mga wikang sumusuporta : Portuges, Espanyol, Ingles, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Nepal

<https://www.kifjp.org/child/wp-content/uploads/2017/12/movieflyer.pdf>

3. 「Guidebook ng Kindergarten • Nursery, Elementarya, Junior High School」 Aichi University of Education/ 2013

◆Mga wikang sumusuporta : Portuges, Espanyol, Ingles, Chinese, Tagalog, Vietnamese

<https://resource-room.nihongo.aichi-edu.ac.jp/about/guidebook/>



Mayroong isang lugar kung saan ang lahat ay sama-samang makakapag-isip para sa paglikha ng isang lugar kung saan masayang makakapamuhay ang kahit na sino,



Ang Inuyama International Association (IIA) ay nagtatag ng "Multicultural Chat Club - Online" isang oras sa isang buwan gamit ang ZOOM.

- Mga taong gustong makipagpalitan ng opinyon sa iba
- Mga taong gustong makipag-usap sa iba gamit ang Nihongo
- Kahit hingi gaanong marunong mag nihongo ay puwede!

Susunod na Petsa : Abril 15, Sabado; simula 7 : 30 hanggang 8 : 30 ng gabi.

Nais mo bang sama-sama tayong mag-isip gamit ang wikang Nihongo?

※Aplikasyon: <https://forms.gle/cLmM8LAJmsozaQVB8>

※Iniimbitahan rin ang mga residenteng hapones ng lungsod ng Inuyama na makiisa sa aktibidad na ito.



<Mga nakaraang Paksa>

[Hal. "Kailan at saan nagiging mahirap para sa iyo ang paggamit ng Nihongo?], 「Ano ang iyong binibigyang halaga sa pagtatrabaho o paggawa ng aktibidad kasama ang mga taong iba ang wika at kultura?」

Ipinakilala ang masikap na nag-aaral sa Inuyama Japanese Language Class



Ms. Eva Maria Pachas Maceda
Nationality: Peru
Nasyonalidad : Peru
Kailan Dumating : Marso, 2022
Trabaho : Parts processing
Status Residence : Asawa ng isang permanenteng residente



Sa klase ng wikang Nihongo, ang lahat ay mababait at taos-puso ang kanilang kabaitan. Kapag ako ay pumupunta rito, ako ay nasisiyahan dahil nararanasan ko ang wikang Nihongo. Gusto ko ang kultura ng Japan, kimono, mga templo, tanawin na kung saan ay nananatili pa rin ang sinaunang kultura. Gusto kong matulungan na makapagtapos ang aking mga anak sa Unibersidad sa Peru. Gusto ko rin na maipahayag ang aking nararamdaman sa wikang nihongo.

<Komento mula sa Volunteer na namamahala Ms. Niwa Etsuko>

Bagama't wala pang isang taon mula nang dumating si Eva sa Japan, masasabi kong siya ay kahanga-hanga dahil sa kaniyang pagiging masikap. Nasisiyahan rin ako sa pakikinig ng tungkol sa bansang Peru. Naipagluto rin niya ako ng lutuin at dessert ng Peru.



Mga tradisyonal na laro at laro mula sa buong mundo



Peru: JUEGO de JAX/ Laro gamit ang Super ball



Vietnam: ô ăn quan/Oan Kuan (isang tradisyonal na laro gamit ang mga bato)



Chinese: Pyaji (Isang larong menko na gawa sa



Australia, England: Scrabble (Laro ng salitang Ingles)



Japan: Kendama, Fukuro, Ohagi, Koma, paper balloons, Ayatori, at iba pa.

Panayam sa multi-language instructors

Sa Inuyama International Association, mayroong language classes kung saan ay native speaker ang nagtuturo. Ngayon, ang ating kinapanayam ay ang Chinese instructress na si Ms. Kuromiya Eiko (Tei Getsuei).

- ◆ Lugar ng kapanganakan: Taiwan ◆ Kailan dumating: 1985
- ◆ Noong unang dumating sa Japan: Mabait ang mga hapon, naituro nila nang maayos ang daan kung paano akong makararating sa nais kong puntahan. Hangga't maaari ay sinikap kong sundin ang kasabihang "When in Rome, do the romans do" subalit ito ay nagbigay rin ng aral sa akin.
- ◆ Ano ang naging mahirap sa pag-aaral ng Nihongo: Kakaiba mula sa wikang Chinese, ang Nihongo ay walang simbolo kaya naman nahirapan ako sa pagbigkas nito. Araw-araw sa aking pag-uwi sa bahay, kaagad kong binubuksan ang telebisyon at sinanay ang aking tainga sa pakikinig. Hindi ko natukoy noon ang ibig sabihin ng "Kekkou desu" sa wikang Nihongo, kung "Oo" o "Hindi" ba ito.
- ◆ Tungkol sa Chinese class: Marami ang Intsik na gustong-gusto ang Japan. Darami pa ang mga ito, madaragdagan ang pagkakataon sa pakikihalubilo, sa pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Chinese ay maipaunawa kahit kaunti ang kultura at etnikong katangian ng bansang China.
- ◆ Patungkol sa lipunang multicultural: Sa aking palagay ay makabubuting maging deretso at malinaw ang mga hapon sa nais nilang sabihin. Sa Chinese class rin, sinasabi ko na "Sabihin natin ng malinaw ang bagay na ito." Upang maunawaan ang mga Intsik na kasalukuyang nasa bansa at ang mga paparating pa lamang, inaanyayahan ko kayong dumalo sa Chinese language class na ito. Lalong-lalo na ang mga kabataan.



※ Iba pang wika: Ingles, Korean, German, Espanyol, Portuges, French

Magsisimula ang aplikasyon sa buwan ng Abril →



makapagtrabaho ng palagay ang loob (Sa mga banyagang manggagawa)

Maraming batas na nagbibigay proteksiyon sa mga manggagawa. Ang mga batas na ito ay hindi namimili ng pagkakaiba ng trabaho sa bawat isa, kundi binibigyang proteksiyon nito hindi lamang ang mga hapon kundi maging ang mga banyagang manggagawa rin. Makikita sa pamphlet na ito ang mga importanteng bagay na dapat maunawaan at malaman ng bawat manggagawa.

Wika: Easy-japanese, Ingles, Vietnamese, Intsik, Portuges



<https://www.pref.aichi.jp/soshiki/rodofukushi/0000060502.html>

Mayroong lugar kung saan makakaranas at makakahalubilo ang ibang tao. Kahit kaunti lamang ang alam sa Nihongo ay walang problema

Mayroong Multicultural event sa Inuyama International Association.



Home Page
<http://iiea.info>



Facebook
[Inuyama International Association]



Upang maging malapit sa ibang tao sa kabila ng pagkakaiba ng wika at kultura

Ating kinapanayam si Ms. Katarina Kaufuman na isang Aleman at International Multiexchange staff ng Lungsod ng Inuyama.



Mahalaga ang magkaroon ng lakas ng loob sa pakikipag-usap sa ibang tao. Makapakinig at makapag-usap sa bawat isa. Hindi maiiwasan ang magkamali sa pag-intindi, maaaring magtanong muli o gumamit ng ibang paraan sa pagpapaliwanag. Kung nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan, huminto muna sandali at muling tiyakin. Muling magtanong at tiyakin ang kasagutan at hindi basta lamang aayon kahit hindi ito nauunawaan. Sapagkat maaaring pagsimulan ito ng malaking suliranin. Kailangan ng lakas ng loob sa pagtatanong.

Ang mga banyaga ay nahihirapan pa sa Nihongo, ang mga hapones ay gamit ang easy-japanese, kahit hindi agad magkaunawaan, mahalaga ang magkaroon ng lakas ng loob sa pakikipag-usap. Noong ako ay nasa Senior High School, ang pag-uusap na dapat matatapos lamang ng 10 minuto ay inabot ng 2 oras. Ang aking naging host family ay naunawaan ang aking pagnanais na maipaunawa ang aking nais sabihin, kung kaya naman sila ay kakayanang nakinig sa akin. Nakatutuwa ang malamang ikaw ay pinakikinggan. kakayanang makinig at makipag-usap sa bawat isa. Mahalaga rin namang sumubok kahit na mag-isa lamang, subalit mas mapapalagay ang loob kung may sumusuporta sa iyong likuran. Mula sa isang bagay ay muling magkakalakas ng loob na muling sumubok ng anupaman. Para sa akin ay mahalaga ang komunikasyong katulad nito.



Natapos na ang trabaho ni Ms. Katarina Kaufuman bilang International Multiexchange staff. Sa kasalukuyan ay isa siyang Nihongo instructor sa isang unibersidad sa Germany.

Onomatopoea sa oras ng pagkakasakit

(Source: Waku-waku kotoba Onomatopoea NHK Nagoya <https://www.nhk.or.jp/nagoya/neighbors/pdf/onomatope.pdf>)

Zukin-zukin



Pagsakit ng puso na dinig na dinig ang tibok nito.
(Hal.) Atama ga zukin-zukin suru.

Gan-gan



Mas malakas kung ikukumpara sa zukin-zukin, tila nabibiyak sa sakit. (Hal.) Atama ga gan-gan suru.

Boh



Hindi na makapag-isip pa. Tila may lagnat, blanko ang isip.
(Hal.) Atama ga po-tsu to suru.

Ze-ze



Masikip ang paghinga. May tumutunog kapag humihinga.
(Hal.) Mune ga ze-ze suru.

Ating pag-aralan ang Nihongo

◆**Inuyama Nihongo Classroom:** Mayroong Nihongo classroom para sa mga banyagang naninirahan sa Inuyama area.

Ito ay tuwing Linggo. Tiyakin ang detalye mula sa URL sa ibaba.

<http://iiea.info/newpage1.html>

◆**Site kung saan makakapag-aral mag-isa:** TSUNAHIRO Site para sa “Mga banyaga bilang mamamayan.

<https://tsunagarujp.bunka.go.jp/>

Dito ay makakapili ng pag-aaralan ayon sa sariling lebel ng kakayahan, mga nais pag-aralang situwasyon o eksena, paksa na ayon sa key word para sa layunin ng pakikipag-komunikasyon at makapamuhay nang maayos.

Halimbawa, sa eksenang ito.



Kung gustong makipag-usap



Kung gustong mamili



Kung gustong umorder

Cool Japan

SUMO



Manlalaro
na *sumou*

Ang *Sumou* ay isports na nagpapakilala sa bansang Japan. Ang 2 manlalarong (*rikishi*) may nakabalot sa baywang na “*mawashi*” ay magtutulakan, padadapain o ihahagis ang kalaban palabas ng ring na lupa. Mananalo ang manlalarong makapagpatumba o makapagpalabas sa labas ng ring. Ang average na timbang ng mga *rikishi* ay 150 kg. Gayundin naman, ang kanilang mga buhok na nakatali ay tinatawag na “*mage*.” Ang tumatayong referee ay tinatawag na “*gyouji*.” 6 na beses sa 1 taon, sa mga odd-numbered na buwan ay may 15 beses na laban (“*torikumi*” ang tawag sa laban). May banyagang *rikishi* sa kasalukuyan. May mga *Sumou* wrestler mula sa Mongol, Georgia, Bulgaria, Kazakistan, Russia, Ukraine, China at Pilipinas.



ring



laban



referee

Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355

FAX : (0568) 48-1356

HP : <http://iiea.info>

E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Steve McGuire

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagui Mitsue, Yoshida Gisele

Chinese: Harita Misako, Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria